City of Seattle

# Mga Kinakailangan sa Bag




## Ang Mga Iniaatas ng Lungsod ng Seattle:

| Mga Plastic na Carryout Shopping Bag | Malalaking Papel na Shopping Bag | Mas Maliliit na Paper Bag | Mga Green na Plastic na Supot* (gaya ng mga gulay at prutas) | Mga Transparent na Plastic na Supot para sa Mga Gulay at Prutas/ Bunton ng Pagkain |
|---|---|---|---|---|
|   |   |  |   |  |
| | 5¢ (Kinakailangan ng minimum na singil.) | LIBRE (Opsyonal ang singil.) | *Epektibo ang pag-aatas sa Hulyo 1, 2017 | PINAPAYAGAN |

## Ang Mga Tindahan sa Seattle ay:

- Hindi maaaring magbigay sa mga customer ng mga pang-isang gamit na plastic o nabubulok na carryout na (shopping) bag, o supot na may label na "biodegradable," "degradable," "decomposable" o katulad nito.
- Hindi maaaring magbigay sa mga customer ng mga plastic na supot (gaya ng mga supot para sa mga gulay at prutas) na kulay berde o brown.* Maaaring magbigay ang mga tindahan ng mga naaprubahang nabubulok na supot, at dapat ay kulay berde o brown ang mga ito*.
- Maaaring magbigay sa mga customer ng anumang laki ng nare-recycle na paper bag o mga carryout bag na maaaring gamitin muli. Dapat maningil ang mga tindahan ng minimum na bayarin sa paper bag na 5 sentimo para sa malalaking 1/8 barrel na paper bag (mga paper bag na 882 cubic inches o mas malaki).
  - › Dapat makita sa mga resibo ng customer ang mga singil sa paper bag. Nalalapat ang buwis sa pagbebenta. Itatago ng mga tindahan ang bayad sa paper bag.
  - › Dapat ay naglalaman ng 40 porsyento man lang na post-consumer recycled fiber ang malalaking paper bag na binabayaran ng mga customer, at dapat ay naka-print sa labas ng bag ang minimum na nilalamang na-recycle na fiber.
  - › Hinihikayat ang pagkakaroon ng na-recycle na fiber at paglalagay ng label para sa lahat ng laki ng paper bag.
  - › Maaaring ibigay nang libre ang mas maliliit na paper bag o singilin ng mga tindahan ang mga customer para sa mga ito.
- Itinuturing na maaaring gamitin muli ang mga plastic na supot na may kapal na 2.25 mil o mas makapal. Maaaring ibigay ng mga tindahan nang libre o may bayad sa mga customer ang mga ito.

---

*Epektibo ang pag-aatas sa Hulyo 1, 2017

Seattle Public Utilities

MGA PAGBUBUKOD AT KARAGDAGANG DETALYE

Para sa higit pang impormasyon: www.seattle.gov/plasticbagban 206-684-3000

# Mga Pagbubukod at Impormasyon

## Mga Pagbubukod mula sa Pagbabawal:

- Hindi kailangang magbayad ng 5-sentimo para sa malaking paper bag ang mga customer na gumagamit ng mga voucher o card ng benepisyo mula sa estado o programa ng pederal na tulong sa pagkain.
- Hindi rin kailangang bayaran ang mga plastic na supot na ginagamit sa mga tindahan para sa maramihang item o upang protektahan ang mga gulay, karne, nagyelong pagkain, bulaklak at mga katulad na item. Hindi maaaring kulay berde o brown ang mga plastic na supot.* Pinapahintulutan ang mga naaprubahang nabubulok na supot para sa mga layuning ito.
- Pinapayagan ang mga plastic o naaprubahang nabubulok na supot na ginagamit para sa mga take-out na order ng nakahanda nang pagkain mula sa mga restaurant.
- Ang mga plastic na dry-cleaner, newspaper at door-hanger na bag ay pinapayagan ngunit hindi maaaring kulay berde o brown.*

### Pinapayagan Pa Rin ang Mga Bag





- Gulay at Prutas/Karne
- Bunton ng Pagkain
- Dyaryo
- Dry Cleaning
- Door Hanger
- Take-out na Pagkain
- Mga Paper Bag

## Hinihikayat:

### Piliin ang mga Bag na Maaaring Gamitin Muli

- Aksayado ang mga bag na isang beses lang magagamit. Madalas ding makabara ang mga ito sa mga kanal, magkalat sa ating mga kalsada, makarumi sa ating mga daanan ng tubig at compost, at gumawa ng mas maraming basura.




*Epektibo ang pag-aatas sa Hulyo 1, 2017

Seattle Public Utilities

የአስተርጓሚ አገልግሎት ለማግኘት በ 206-684-3000 ይደውሉ።
如需口譯服務請電 206-684-3000。
통역 서비스를 원하시면 206-684-3000 번으로 전화해 주십시오.
Wixii adeegyada turjubaanka fadlan wac 206-684-3000.
Para servicios de traducción, por favor llame al 206-684-3000.
Para sa serbisyo ng tagapagpaliwanag, tumawag sa 206-684-3000.
Muốn yêu cầu dịch vụ thông dịch xin gọi số 206-684-3000.